FACTSHEET 2 MAYO 2009

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Proyekto ng Pamahalaang Victoria ukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Pang-aabuso sa nakatatanda – sama-sama, maaari natin itong mahadlangan

Ang mga nakatatandang tao ay may karapatan – katulad din ng lahat ng mga tao – upang mabuhay nang ligtas at tratuhin nang may dangal at paggalang.

Sa karamihang kaso, ito ang eksaktong nangyayari. Tinatantiya sa mga pag-aaral na nasa pagitan ng 1 at 5 porsiyento ng mga nakatatandang tao ay dumaranas ng ilang uri ng pang-aabuso o pagpapabaya at ito ay lubusang hindi katanggap-tanggap.

Kung ikaw ay inaabuso, hindi ka dapat makadama ng kawalan ng kapangyarihan. Sama-sama, maaari natin itong mapigilan.

Ano ang pang-aabuso sa nakatatanda?

Ang pang-aabuso sa nakatatanda ay anumang pagkilos na nakakapinsala sa mga nakatatandang tao at isinasagawa ng sinumang kakilala nila at dapat na pinagkakatiwalaan, katulad ng pamilya o mga kaibigan.

Ang pang-aabusong ito ay maaaring pisikal at ito ay pang-aabuso rin kung ang sinuman ay:

- namimilit sa iyo na bigyan mo sila ng pera o namumuwersa sa iyo na pumirma sa mga bagay na hindi mo naiintindihan
- nagkokontrol ng iyong pera, ari-arian o iba pang mga pag-aari
- nagbabanta, nananakot, o nanghihiya sa iyo
- hindi pumapayag na ikaw ay lumabas o gumawa ng mga bagay o kumontak sa iyong mga kaibigan, miyembro ng pamilya o mga serbisyong pansuporta
- hindi nagbibigay sa iyo ng tamang pagkain, damit o personal na pangangalaga kapag dapat nila itong gawin.

Sino ang may pananagutan sa paghadlang sa pang-aabuso sa nakatatanda?

Dapat malaman ng bawat isa ang pang-aabuso sa nakatatanda, at na mayroon tayong maaaring magawa tungkol dito.

Ang pagtugon sa pang-aabuso sa nakatatanda ay isang pananagutang pinagbabahaginan – sa sama-samang pagtutulungan ng pamahalaan, mga tagapagbigay-serbisyo at ng komunidad.

Tinutugunan ng Pamahalaang Victoria ang pang-aabuso sa nakatatanda sa ating komunidad sa pamamagitan ng Estratehiyang nauukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda.

Ang estratehiya ay tumutulong sa nakatatandang mga taga Victoria sa mga serbisyong pansuporta sa edukasyon, batas, pagtataguyod at ibang pang mga suporta at nagbibigay ng pagsasanay sa mga tagapagbigay serbisyo.

Saan maaaring makakuha ng tulong

Maaaring maging mahirap upang malaman kung ano ang pang-aabuso, lalung lalo na kung ang taong may panangutan dito ay isang taong kilala mo at dapat na mapagkakatiwalaan.

Ikaw ay maaaring makadama ng hiya o matakot na kung pag-uusapan ito ay maaring magpalala ng mga bagay.

Kung sa iyong palagay ay may isang bagay na hindi tama ngunit ikaw ay hindi nakatitiyak, mangyari lamang na magsalita tungkol dito.

Maaari mong kontakin ang Seniors Rights Victoria, isang libre at kompidensyal na serbisyong pantelepono at pagpapayo sa buong estado na pinondohan ng Pamahalaang Victoria.

Ang Seniors Rights Victoria ay tumutulong na mahadlangan ang pang-aabuso sa nakatatanda at nangangalaga sa mga karapatan ng nakatatandang mga taga Victoria sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- linyang pantulong para sa impormasyon at reperal
- pagtataguyod at suporta
- payong pambatas
- pangkomunidad at pangpropesyonal na edukasyon.

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Proyekto ng Pamahalaang Victoria ukol sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Maaari kang kumontak sa Seniors Rights Victoria sa 1300 368 821 mula alas 10n.u. hanggang alas 5n.h. Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga nakatatandang tao ay maaaring magreper ng kanilang mga sarili o ireper ng mga tagapagbigay ng serbisyo, pamilya o mga kaibigan.

Sa pamamagitan ng internet:
www.cotavic.org.au/seniors_rights_victoria

Sa isang kagipitan, tumawag sa 000 para sa tulong.

Sa isang kagipitan, tumawag sa 000 para sa tulong.

Ikaw ay susuportahan sa paggawa ng iyong sariling mga desisyong batay sa impormasyon.

Kabilang sa mga hakbang na maaari mong gawin:

- pagpaplano para sa hinaharap
- pagtatalakay ng tungkol sa mga problema at mga alalahanin sa mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, ibang mga pinagkakatiwalaang mga tao sa Seniors Rights Victoria.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagkilos na ginagawa ng Pamahalaang Victoria upang mahadlangan ang pang-aabuso sa nakatatanda, mangyari lamang na bisitahin ang website na: **www.seniors.vic.gov.au**

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be